

Kutuktin

hango sa salaysay ni Jerzon
Ayongchi

Ang kutuktin ay mga nilalang na lubhang kinatatakutan ng mga Ifiallig. Ang anyo ng mga ito'y waring mga kalansay na naglalakad. Tuwing kabilugan ng buwan, gumagala ang mga kutuktin sa kabayanan ng Fiallig at naghahanap ng mga taong makakain. May paniniwala ang mga Ifiallig na kung mapapatay ang pinuno ng mga kutuktin, mamamatay na ring kasabay niya ang lahat ng iba pang kutuktin.

Noong unang panahon, sa lugar na tinatawag na Fiangtin, may isang matandang nagngangalang Lakay Chinomkay. Isang araw, naisip niyang manghuli ng palaka, talangka at isda sa may sapa pagsapit ng dilim. Taglamig nang panahong iyon. Hinintay niyang dumilim at dala-dala ang kanyang sulo, nagtungo siya sa Fiallok. Noong una, ang landas patungong Fiallok ay paakyat at tumatawid sa isang libingan. May mga puno ng *anet-el* at mga baging sa paligid-ligid ng landas. Pagkatapos ng mahabang paglalakad, nakarating din sa Fiallok si Lakay Chinomkay.

Sa kabilang pampang ng sapa na kanyang kinaroroonan, mayroon ding may dalang sulo na nanghuhuli rin katulad niya. “Ano ’yang hinuhuli mo?” tanong noong nasa kabilang pampang kay Lakay Chinomkay.

“E, ano din ’yang hinuhuli mo?” sagot naman ni Lakay Chinomkay. Sabay nilang binabaybay paakyat ang sapa habang nanghuhuli.

“Huwag mong hulihin ang higad.”

“E, bakit mo rin hinuhuli ang higad?” sagot ni Lakay habang tuloy-tuloy lamang sa paglalakad at panghuhuli.

“Bakit mo hinuhuli ang ahas?”

“Bakit mo rin hinuhuli ang ahas?” sagot ni Lakay Chinomkay.

Dahil sa kadiliman, hindi napansin ni Lakay Chinomkay na isa palang kutuktin ang kanyang kausap. Nang lumaon, nakarating sila sa Finaliw. “Bakit mo naman hinuhuli ang palaka?” tanong ng kutuktin.

“Bakit mo rin hinuhuli ang palaka?” sagot muli ni Lakay. Nainis ang kutuktin.

“Mamayang gabi kapag naghihilik ka na, bubuhatin ka namin, nakakainis kang matanda ka,” nasabi ng kutuktin sa sarili.

Umahon si Lakay Chinomkay upang bumalik na sa kanyang ator sa Fiangtin sa may ibaba ng bahay ni Kunchiyan. Iniwan na niya ang kutuktin.

Nang makabalik si Lakay Chinomkay sa ator, wala ang ibang mga binatang natutulog doon. Mag-isa lamang siya. Niluto niya ang kanyang mga nahuli, kumain at natulog. Nang naghihilik na si Lakay Chinomkay, bigla na lamang may sumulpot na dalawang kutuktin. Mag-ama. Ang amang kutuktin ang siyang ininis ni Lakay Chinomkay sa may sapa. “Hayan, naghihilik si Lakay Chinomkay. Halika at buhatin natin ang kanyang *chakurug* na higaan,” sabi ng amang kutuktin. Dahan-dahan nilang binuhat ang *chakurug*.

Nang maiakyat nila ang *chakurug* sa Wingian, tamang-tamang tatagilid sana si Lakay Chinomkay sa kanyang pagkakahiga. Inihagis nilang bigla ang *chakurug* sa malalim na bangin, sa ilog sa ibaba nito. Hindi na nagkamalay si Lakay Chinomkay upang makakapit sa puno ng anet-el o sa mga baging sa paligid. “Wala na, kakainin ka na namin ngayon.”

Patay na sa pagkakahulog sa bangin si Lakay Chinomkay. Bumaba ang mga kutuktin upang iahon ang naanod nang si Lakay Chinomkay. Iniahon rin nila ang chakurug niya.

Sinimulan nilang kainin si Lakay Chinomkay. “Sa akin ang utak niya,” sabi ng amang kutuktin.

“Sa akin naman ang tainga,” sabi naman ng anak.

“Sa akin ang ilong.”

“Sa akin naman ang mata,” anang anak.

Pagkatapos, kanilang pinaghatian ang leeg ni Lakay Chinomkay. Nang umabot sila sa may kamay, pinagtig-isahan nila ang mga kamay ng Lakay. Ngumangasab-ngasab pa silang animo’y mga gutom na hayop habang kumakain. Inabot sila ng hatinggabi sa pagkain mula ulo hanggang kamay. Nang makarating sila sa katawan, sinibasib nila ang iba’t ibang parte ng katawan ni Lakay Chinomkay. Sa pagkain nila pababa ng katawan, “Sa akin ang utin,” sabi ng ama.

“O, di sa akin na lang ang bayag,” sabi naman ng anak.

Pinaghatian nila ang mga paa ni Lakay.

Nang maubos na nila ang mga laman ni Lakay Chinomkay, sinabi ng kutuktin sa kanyang anak, “Buuin natin itong mga buto at ibalik natin sa ator. Ilagay natin dito sa chakurug. Nakakainis itong matandang ito, kinutya-kutya ako.”

Binuo nila ang mga buto at iniayos sa chakurug. Binuhat nilang muli ang chakurug at iniwan sa ator.

Kinabukasan, may mga naninirahan sa Fiangtin na nagtungo sa ator ni Lakay Chinomkay upang magpainit sa apoy. Laking pagtataka nila nang mapansing walang usok

na lumalabas mula sa ator. Naisip nilang marahil ay nakatulog si Lakay Chinomkay. Tumuloy sila sa ator.

Laking pagkagimbal nila nang kanilang makita ang mga buto ni Lakay Chinomkay. Agad nilang nalaman na mga kutuktin ang may kagagawan nito. Nagtatakbo sila sa matinding takot upang ipaalam sa matatanda ang malagim na pangyayari. Nang bumalik sila sa ator, nandoon na ang dalawang matatandang lalaki. Laking sama ng loob ng mga taga-Fiangtin sa pagkakapaslang ng mga kutuktin kay Lakay Chinomkay. Tinipon nila ang mga buto nito upang iilibing.

Matapos mailibing ang mga buto ni Lakay Chinomkay, nagtipon-tipon sila sa paligid ng apoy upang pag-usapan ang pangyayari. Napagpasyahan nilang sa darating na buwan, pag-iisipan nila kung paano mahuhuli ang kutuktin.

Nang sumapit ang itinakdang panahon, napagpasyahan ng matatanda na ibigay sa isang matikas na binata sa Fiangtin ang tungkuling hulihin ang kutuktin. Nang sumang-ayon ang binata, binigyan nila siya ng mga payo upang magawa niya ang pagpaslang sa kutuktin. “Magpaapoy ka sa loob ng ator at isalang mo ang iyong fiangkaw sa apoy upang uminit ito. Mahiga ka at magpanggap na natutulog. Kunwari, maghihulik ka at hintayin mo ang kutuktin,” utos ng matatanda.

Sa pagsapit ng kabilugan ng buwan, nagtungo ang binata sa ator. Isinara niya ang pinto at nagsindi ng apoy. Sinunod niya ang utos ng matatanda at isinalang ang kanyang fiangkaw sa apoy upang painitin ito. Nang maghatinggabi, nagpanggap siyang naghihulik. May narinig siyang umaaligid sa ator. Nangamba siya nang bigla na lamang itong huminto. Nakita na lamang niya ang isang paang nakalawit sa *sufia*. Naramdaman niyang papasok na ang kutuktin at bababa mula sa *sufia*. Hinintay niyang makababa ito nang tuluyan.

Nang makababa ang kutuktin, nabigla siya at nagimbal sa anyo nito. Bagama't nahihintakutan, bigla niyang hinugot sa apoy ang kanyang *fiangkaw* at dali-daling inihagis ito sa tadyang ng kutuktin. Tumagos sa katawan ng kutuktin ang fiangkaw at sumagitsit ito dahil sa init. Nabuwal ang kutuktin sa natamo nitong tama. Nang hugutin ng binata ang fiangkaw, napatihaya ang kutuktin. Patay na ito. Gayunma'y nanginginig pa rin sa takot ang binata.

Agad niyang binuksan ang pinto ng ator at kinaladkad palabas ang kutuktin. Agad din siyang pumasok sa ator. Binarahan niya ng kahoy ang pinto. Bagama't sinubukan niyang makatulog, hindi siya dapuan ng antok dahil sa matinding takot na may dumating pang kutuktin. Bilang paghahanda, muli niyang isinalang sa apoy ang kanyang sandata.

Sa pagtilaok ng mga manok, tumingin siya sa langit at nakita niyang nagliliwanag na. Nag-aatubili pa rin siyang lumabas dahil sa kaba. Hinintay niyang tumindi ang liwanag bago niya buksan ang pinto ng ator upang tingnan ang napatay niyang kutuktin.

Wala na ito doon sa pinag-iwanan niya. Sa halip, naroon sa lugar na iyon ang isang puno ng atifiangran. Natakot siya at muling bumalik sa ator at nagkulong sa loob. Maya-maya'y dumating na ang matatanda.

"O ano, buksan mo ito," utos ng matatanda.

"Ay, andyan na pala kayo," buntong-hininga ng binata. Sa wakas may mga kasama na siya.

"O, at nasaan 'yung inabangan mo kagabi?" tanong ng isang matanda.

"Nariyan lamang siya kagabi. Inilagay ko dito pero ang nariyan na lang ngayon ay 'yang *atifiangran*," sagot niya.

“Baka ’yang atifiangran ang kutuktin dahil magkahawig naman ang kanilang anyo,” sabi ng matanda. Magmula noon, kapag may nakikita silang atifiangran nasasabi nilang kamukha ito ng kutuktin.

Binati nila ang binata at ipinagdiwang ang kanyang kagitingan. Hinintay nilang tumindi ang sikat ng araw bago nila sinunog ang atifiangran na nagbigay naman ng kakaibang amoy. Marahil iyon na nga ang napatay niyang kutuktin. Marahil din, iyon ang pinuno ng mga kutuktin dahil mula noon, wala na muling nagpakita pang kutuktin sa Fiangtin.